Mensahe Sampu

## Ang Manlilikha ng Isang Bagong Tao bilang ang Obra-maestra ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 1:26; Efe. 2:14-16; 4:22-24

**I. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang paglikha sa tao ay ang magkaroon ng isang sama-samang tao upang ihayag Siya at ikatawan Siya—Gen. 1:26; Efe. 2:15:**

A. Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan para sa Kanyang kahayagan at ibinigay sa tao ang Kanyang kapamahalaan nang sa gayon ay ikatawan Siya ng tao upang tuosin ang Kanyang kaaway—Gen. 1:26.

B. Ang ekklesia bilang ang bagong tao sa bagong nilikha ay nagtataglay ng larawan ng Diyos para sa kahayagan ng Diyos at nakikipagbaka laban sa kaaway ng Diyos para sa kaharian ng Diyos—Col. 3:10-11; Efe. 2:15; 4:24; 6:10-11.

C. Kung ano ang nahati at nagkahiwa-hiwalay sa lumang tao ay binabawi sa bagong tao—Gen. 11:5-9; Gawa 2:5-12; Col. 3:10-11.

**II. Ang bagong tao bilang ang tula, obra-maestra, ng Diyos ay nilikha sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo at sa loob ng Kanyang pagkabuhay na muli—Efe. 2:10, 15-16:**

A. Kailangan tayong maingat na magbigay-pansin sa dalawang pariralang ito sa bersikulo 15: *sa Kanyang laman* at *sa Kanyang sarili:*

1. "Sa Kanyang laman" ay tinapos ni Kristo ang lahat ng negatibong bagay sa sansinukob: si Satanas, ang diyablo, ang kaaway ng Diyos (Heb. 2:14); kasalanan (Roma 8:3; Juan 1:29); ang laman ng natisod na tao (Gal. 5:24); ang sanlibutan, ang kosmos, ang masamang sistema ni Satanas (Juan 12:31); ang lumang nilikhang ikinakatawan ng lumang tao (Roma 6:6); at ang naghihiwalay na mga ordinansa ng kautusan (Efe. 2:15).

2. "Sa Kanyang sarili" bilang ang kinasasaklawan, elemento, at esensiya, ay nilikha ni Kristo ang mga Hudyo at mga Hentil tungo sa isang bagong tao:

a. Si Kristo ay hindi lamang ang Manlilikha ng isang bagong tao, ang ekklesia, bagkus ang kinasasaklawan din kung saan *nilikha ang bagong tao* at ang elemento at esensiya na sa pamamagitan nito ay nilikha ang bagong tao.

b. Si Kristo ang mismong elemento at esensiya ng isang bagong tao, ginagawa ang dibinong kalikasan ng Diyos na isang entidad sa pagkatao—cf. Col. 3:10-11.

B. Sa paglikha ng bagong tao, una ay ipinako ni Kristo ang ating natural na tao, at pagkatapos sa pamamagitan ng pag-alis sa lumang tao, ipinamahagi ni Kristo ang dibinong elemento tungo sa atin, sinasanhi tayong maging obra-maestra ng gawa ng Diyos, isang lubusang bagong aytem sa sansinukob, isang bagong imbensiyon ng Diyos—Roma 6:6; 2 Cor. 5:17:

1. Ang salitang Griyego para sa *obra-maestra* ay *poiema*, nangangahulugang "isang bagay na isinulat o kinatha bilang isang tula."

Mensahe Sampu (pagpapatuloy)

2. Hindi lamang isang patulang sulat ang maituturing na isang tula, bagkus gayundin ang anumang gawang sining na naghahayag ng karunungan at disenyo ng gumawa.
3. Tayo, ang ekklesia, ang obra-maestra ng gawa ng Diyos, ay isang tulang naghahayag ng walang hangganang karunungan at dibinong disenyo ng Diyos; ang ekklesia ay ang matalinong pagtatanghal ng Diyos ng lahat ng kung ano si Kristo—Efe. 3:10-11.
4. Si Kristo ay naging karunungan sa atin mula sa Diyos bilang tatlong mahahalagang bagay sa pagliligtas ng Diyos—1 Cor. 1:30:
   a. Siya ang ating katuwiran (para sa ating nakaraan), kung saan tayo ay inaring-matuwid ng Diyos, upang maipanganak tayong muli sa ating espiritu upang matanggap ang dibinong buhay—Roma 5:18; 8:10.
   b. Siya ang ating pagpapabanal (para sa ating kasalukuyan), kung saan tayo ay pinababanal sa ating kaluluwa (tinatransporma sa ating isip, damdamin, at pagpapasya) ng Kanyang dibinong buhay—6:19, 22.
   c. Siya ang ating katubusan (para sa ating hinaharap), yaon ay, ang katubusan ng ating katawan, kung saan tayo ay babaguhing-anyo sa ating katawan ng Kanyang dibinong buhay upang magkaroon ng Kanyang maluwalhating wangis—8:23; Fil. 3:21.
5. Mula sa Diyos kaya tayo ay nakalalahok sa gayong kumpleto at sakdal na kaligtasan, na nagsasanhi sa ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan—na organikong maging kaisa ni Kristo upang gawin Siyang lahat-lahat sa atin at gawin tayong matalinong pagtatanghal ng lahat ng kung ano si Kristo .

**III. Sa krus ay nilikha ni Kristo ang bagong tao sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa Kanyang laman ng kautusan ng mga utos sa mga ordinansa, ang gitnang naghihiwalay na pader—Efe. 2:14b-15a:**

A. Ang kautusan na sinalita sa bersikulo 15 ay hindi ang kautusan ng mga moral na utos kundi ang kautusan ng mga ritwal na utos, gaya ng mga ordinansa ng pagtutuli, pangingilin ng Sabbath, at pagkain ng partikular na pagkain.

B. Ang mga ordinansa ay ang mga anyo o mga paraan ng pamumuhay at pagsamba, na lumilikha ng pagkakaalit at pagkakabaha-bahagi:
1. Pinawalang-bisa ni Kristo sa krus ang lahat ng regulasyon hinggil sa pamumuhay at pagsamba, mga regulasyon na naghahati sa mga bansa—b. 15; Col. 2:14.
2. Mula noong panahon ng Babel, nabaha-bahagi ang sangkatauhan ng mga ordinansa hinggil sa mga paraan ng pamumuhay at pagsamba; sa ekonomiya ng Diyos sa buhay-ekklesia, kailangan nating madaig ang Babel—Gen. 11:1-9:
   a. Si Kristo dapat ang maging ating tanging pinagmumulan; hindi natin dapat pahintulutan ang anumang bagay mula sa ating kinagisnan, kultura, o nasyonalidad na maging ating pinagmumulan—cf. Col. 3:10-11.
   b. Itinuturing ng mga makasanlibutang tao ang mga pagkakaiba sa kultura na isang pinagmumulan ng karangalan, ngunit kay Kristo ay hinubad na natin ang karangalang ito; ang tanging karangalan natin ngayon ay si Kristo at ang tunay na kaisahan.

c. Kung laan tayong bitiwan ang ating pagmamapuri sa kultura, magiging posible para sa Panginoon na magkaroon ng wastong buhay-ekklesia—Efe. 4:22-24.

**IV. Para sa *bagong tao* at sa loob ng isang bagong tao, kailangan nating hayaan ang kapayapaan ni Kristo na mamagitan sa ating mga puso—2:14a, 15b; Col. 3:12-15; 2:14-18; Roma 5:1; Mat. 18:21-35:**

A. Ang katawagang Griyego para sa *mamagitan* ay maaari ding isaling "maghatol, mamahala, o maluklok bilang pinuno at tagapagpasya ng lahat ng bagay"; tinutunaw ng namamagitang kapayapaan ni Kristo sa ating mga puso ang reklamo laban sa kaninuman—Col. 3:13-15.

B. Kadalasan ay may kamalayan tayo sa tatlong partido sa loob natin: isang positibong partido, isang negatibong partido, at isang walang kinikilingang partido; kaya, may pangangailangan para sa panloob na pamamagitan upang ayusin ang hidwaan sa loob natin:

1. Sa tuwing nadarama nating nagtatalo o nag-aaway ang iba't ibang partido sa loob ng ating katauhan, kailangan nating bigyan ng puwang ang namamahalang kapayapaan ni Kristo at pahintulutan ang kapayapaang ito, na siyang kaisahan ng bagong tao, na mamuno sa loob natin at magkaroon ng huling salita.
2. Kailangan nating isaisantabi ang ating opinyon, ating konsepto, at pakinggan ang salita ng naninirahan sa loob na Reperi.

C. Kung hahayaan natin ang kapayapaan ni Kristo na mamagitan sa ating mga puso, ang kapayapaang ito ang mag-aayos ng lahat ng hidwaan sa kalagitnaan natin; magkakaroon tayo ng kapayapaan sa Diyos nang patayo at sa mga banal nang pahalang:

1. Sa pamamagitan ng pamamagitan ng kapayapaan ni Kristo, nalulutas ang ating mga suliranin, at naglalaho ang mga pagkikiskisan sa pagitan ng mga banal; pagkatapos ay napepreserba ang buhay-ekklesia sa katamisan, at napananatili ang bagong tao sa isang praktikal na paraan.
2. Ang namamagitang kapayapaan ni Kristo ay si Kristo na gumagawa sa loob natin upang ensayuhin ang Kanyang pamumuno sa atin, upang salitain ang huling salita, at upang gawin ang huling pasya—cf. Isa. 9:6-7.
3. Kung mananatili tayo sa ilalim ng pamumuno ng nakaluklok na kapayapaan ni Kristo, hindi natin masasaktan ang iba o mapipinsala sila; sa halip, sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoon at kalakip ang Kanyang kapayapaan, maghahain tayo ng buhay sa iba.
4. Ang kapayapaang ito ang dapat magbigkis sa lahat ng mananampalataya at maging nagpapaging-isang tali—Efe. 4:3.

**V. Sa isang bagong tao, si Kristo ang lahat ng sangkap at nasa loob ng lahat ng sangkap—Col. 3:10-11:**

A. Ang Kristo na nananahan sa loob natin ay ang bumubuong sangkap ng isang bagong tao—1:27; 3:11:

1. Dahil si Kristo ang lahat ng sangkap ng bagong tao, walang posibilidad, walang puwang para sa anumang natural na tao (para sa anumang lahi, nasyonalidad, kultura, o katayuang panlipunan) sa bagong tao—bb. 10-11.
2. Anumang uri ng tao tayo, hangga't ang bagong tao ang pag-uusapan, tayong lahat ay walang halaga.
3. Sa isang bagong tao ay mayroon lamang isang tao—ang nagpapaloob ng lahat na Kristo—2:17; 3:4, 11.

B. Para sa bagong tao, kailangan nating kunin si Kristo bilang ating persona—Efe. 2:15; 3:17a:
1. Bilang Katawan ni Kristo, kailangan ng ekklesia si Kristo bilang buhay nito; bilang isang bagong tao, kailangan ng ekklesia si Kristo bilang persona nito.
2. Si Kristo ay nasa loob nating lahat bilang isang persona; samakatwid, tayong lahat ay mayroon lamang isang persona—Gal. 2:20; Efe. 3:17a.
3. Para sa praktikal na pag-iral ng isang bagong tao, ang buong persona ng lumang tao ay kailangang isaisantabi, at kailangan tayong mabuhay sa pamamagitan ng ating bagong persona—Roma 6:6; Gal. 2:20; Efe. 4:22-24; 3:17a:
   a. Kailangan tayong mamuhay ng isang buhay sa bagong tao sa pamamagitan ng pagkuha kay Kristo bilang ating persona, sa pamamagitan Niya bilang ang Isa na gumagawa ng lahat ng pasya sa loob natin.
   b. Sa sandaling makita natin na tayo ay isang bahagi ng isang bagong tao, hindi natin magagawang magpasya ng mga bagay ayon lamang sa ating sarili.
   c. Kailangan nating makita na tayo ay isang sama-samang Katawan at isang sama-samang bagong tao at kapwa ang ating pamumuhay (persona) at ating pagkilos (buhay) ay sama-sama—1 Cor. 12:12; Roma. 12:4-5.
4. Kailangan nating isaalang-alang ang *isang bagong tao* sa Efeso 2:15 kasama ang *isang bibig* sa Roma 15:6 at *magsalita ng parehong bagay* sa 1 Corinto 1:10:
   a. Sa nakalipas ay may napakaraming bibig dahil may napakaraming persona.
   b. Ang *may isang puso't kaisipan* at *sa pamamagitan ng isang bibig* (Roma 15:6) ay nangangahulugan na bagama't marami tayo at ang lahat ay nagsasalita, tayong lahat ay "nagsasalita ng parehong bagay" (1 Cor. 1:10).
   c. Bagama't marami tayo at nagmula sa maraming lugar, tayong lahat ay may iisang bibig, at tayong lahat ay nagsasalita ng parehong bagay; ito ay dahil sa tayong lahat ay ang isang bagong tao na may iisang persona lamang—Efe. 2:15; 4:22-24; 3:17a; Roma 15:6; 1 Cor. 1:10.

© 2024 Living Stream Ministry